Affordable Connectivity Program (ACP) Wind-Down Fact Sheet

Noong 2021, ipinagtibay ng Kongreso ang Affordable Connectivity Program (ACP) sa Bipartisan Infrastructure Law, na naglalaan ng $14.2 bilyon. Ang Federal Communications Commission (FCC) ay inatasang bumuo at magpatupad ng ACP pati na rin ang ACP outreach at mga gawaing pangkamalayan.

Simula Enero 2024, mahigit 22 milyong household ang naka-enroll at tumatanggap ng buwanang benepisyo ng ACP.

Para sa higit pang pangkalahatang impormasyon tungkol sa ACP, bisitahin ang GetInternet.gov .

Anong nangyayari?

Kung walang karagdagang pondo mula sa Kongreso, ang nakalaan na $14.2 bilyon para pondohan ang ACP ay inaasahang mauubos sa Abril 2024 tantya lang ang petsang ito at maaaring magbago). Bilang resulta, nagsimulang gumawa ang FCC ng mga hakbang upang ihinto ang ACP, na nangangahulugang:

- Ang mga aplikasyon at enrollment ng ACP ay hindi ipoproseso pagkatapos ng Pebrero 7, 2024 sa 11:59 PM ET.
- Ang mga household na nag-apply, naaprubahan, at tumatanggap ng buwanang discount sa internet bago ang Pebrero 7 , 2024 ay patuloy na makakatanggap ng kanilang benepisyo sa ACP hanggang sa maubos ang mga pondo ng ACP, hangga't + nananatiling naka-enroll sa programa ang household.
- Pagkatapos maubos ang mga pondo ng ACP (inaasahang sa Abril 2024), ang mga household na kalahok sa ACP ay hindi na makakatanggap ng mga discount sa ACP.

Ano ang ibig sabihin nito para sa mga household na may mababang kita na wala sa ACP?

- Dahil sa wind-down ng programa, kakailanganin ng ACP na ihinto ang mga bagong enrollment. Simula Pebrero 7 , 2024, walang mga bagong enrollment ang tatanggapin.
- Ang mga eligible na household na hindi pa naka-enroll at gustong makatanggap ng benepisyo ng ACP ay dapat makakumpleto ng aplikasyon sa GetInternet.gov sa lalong madaling panahon upang mabigyan ng oras ang pagpoproseso ng iyong aplikasyon. Kapag naging kwalipikado na ang iyong aplikasyon, dapat kang mag-sign up sa isang internet company bago ang Pebrero 7, 2024 sa 11:59 PM ET upang simulan ang pagtanggap ng iyong benepisyo.
- Kung kwalipikado ka para sa ACP ngunit hindi ka nag-sign up sa isang internet company bago ang Pebrero 7, 2024 sa 11:59 PM ET, hindi ka na makakapag-enroll sa ACP.

Paano nakakaapekto ang wind-down sa mga naka-enroll na household sa ACP?

- Ang mga household na naka-enroll sa ACP ay patuloy na makakatanggap ng buwanang discounted na serbisyo sa internet hanggang sa pagtatapos ng ACP.

Affordable Connectivity Program
ACP Wind-Down

- Sa panahon ng wind-down ng ACP, ang mga household ng ACP ay makakatanggap ng mga abiso mula sa kanilang internet company tungkol sa epekto ng pagtatapos ng benepisyo sa kung paano ang bill at serbisyo ng household. Sasabihin ng mga abiso sa mga household:

  (1) na magtatapos na ang ACP,
  (2) ang epekto sa kanilang bill,
  (3) ang petsa ng huling bill na matatanggap nila na kasama ang benepisyo ng ACP, at
  (4) na maaari nilang baguhin ang kanilang serbisyo o mag-opt out sa pagpapatuloy ng serbisyo pagkatapos ng ACP

- Ang mga household ng ACP ay maaari ding magpalit ng kanilang mga internet plan nang walang penalty.

Ang mga household ng ACP ay dapat:

- Patuloy na magtingin ng kanilang mga email para sa higit pang impormasyon at para sa karagdagang mga update tungkol sa benepisyo ng ACP. Bisitahin din ang http://www.AffordableConnectivity.gov at www.fcc.gov/acp .

- Makipag-ugnayan sa kanilang internet company para sa mga tanong tungkol sa kung paano makakaapekto ang pagtatapos ng ACP sa kanilang buwanang bill at para magtanong tungkol sa mga available na opsyon.

- Bisitahin ang www.fcc.gov/acp upang ma-access ang mga sagot sa mga madalas itanong (FAQs) at iba pang gabay tungkol sa proseso ng wind-down ng ACP, kabilang ang kung ano ang kailangang malaman ng mga household tungkol sa pagpapanatili ng serbisyo sa internet pagkatapos ng pagtatapos ng ACP.

- Direktang makipag-ugnayan sa USAC para sa anumang iba pang tanong tungkol sa wind-down ng ACP. Maaaring tawagan ng mga household ang ACP Support Center sa 877-384-2575 para sa impormasyon tungkol sa kanilang benepisyo.

Ano ang mahahalagang petsa na dapat kong malaman tungkol sa wind-down ng ACP?

- **Pebrero 7, 2024**: Ito ang huling araw na tatanggap ang ACP ng mga bagong aplikasyon at enrollment. Ang mga eligible na household ay dapat maaprubahan at ma-enroll sa isang internet company bago ang 11:59 PM ET sa Pebrero 7 para matanggap ang benepisyo ng ACP. Simula Pebrero 8 , 2024, wala nang enrollment sa ACP.

- **Simula sa huling bahagi ng Enero 2024**: Ang mga household na kasalukuyang tumatanggap ng buwanang benepisyo ng ACP ay magsisimulang makatanggap ng mga abiso mula sa kanilang mga internet provider na may impormasyon tungkol sa pagtatapos ng benepisyo ng ACP. Kasama sa impormasyong ito ang oras ng pagtatapos ng programa at ang epekto ng pagkawala ng benepisyo sa bill at serbisyo ng household.

- **Abril 2024**: Inaasahan ng FCC na mauubos ang kasalukuyang pagpopondo ng ACP sa Abril 2024 kung hindi magbibigay ng karagdagang pondo ang Kongreso. Ang mga consumer na naka-enroll sa ACP ay patuloy na makakatanggap ng kanilang benepisyo sa kanilang serbisyo sa internet hanggang Abril 2024. Tantya lang ang petsang ito at maaaring magbago.